# Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan

## Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase



Pabalat: Ang Unang Pangitain, ni Del Parson

© 2000 ng Intellectual Reserve, Inc.

Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 8/96

Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/96

Pagsasalin ng Doctrine and Covenants and Church History: Class Member Study Guide

Tagalog

Inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Lungsod ng Salt Lake, Utah

35686 893

# Pambungad

Sa pagtukoy sa mga paghahayag na nakatala sa Doktrina at mga Tipan, sinabi ng Panginoon, "Saliksikin ang mga kautusang ito, sapagkat ang mga ito ay tunay at tapat, at ang mga propesiya at pangako na nasa mga ito ay matutupad na lahat" (D at T 1:37). Habang pinag-aaralan ninyo ang Doktrina at mga Tipan at kasaysayan ng Simbahan sa klase ng Doktrina ng Ebanghelyo at sa inyong mag-anak sa taong ito, may pagkakataon kayong matutuhan ang mga kautusan, propesiya, at pangako na makatutulong sa inyo upang lalong mapalapit sa Panginoon.

**Pagkakasaayos ng Gabay na Ito sa Pag-aaral**

Ginawa ang gabay na ito sa pag-aaral upang tulungan kayo na pag-aralan ang Doktrina at mga Tipan at kasaysayan ng Simbahan. Nahahati ang gabay sa mga bahaging may bilang na tugma sa mga aralin sa kurso sa Doktrina ng Ebanghelyo na Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan. Nakasaad sa bawat bahagi ang takdang-babasahin para sa buong linggo, gayundin ang mga tanong at iba pang impormasyon upang mapabuti ang inyong pag-aaral. Maaari ninyong gamitin ang mga tanong upang mapabuti ang pansariling pagsasagawa ng mga banal na kasulatan at upang makapag-ambag nang makabuluhan sa mga talakayan sa klase. Maaari din ninyong gamitin ang gabay sa pag-aaral upang makapagsimula ng mga talakayan ng ebanghelyo sa mga miyembro ng mag-anak.

Kabilang din sa bawat bahagi ang magkakaugnay na banal na kasulatan—isang listahan ng mga talata sa banal na kasulatan na may kaugnayan sa takdang-babasahin. Maaari ninyong isulat ang mga listahang ito sa likod ng inyong banal na kasulatan. Maaari din kayong gumawa ng sarili ninyong magkakaugnay na banal na kasulatan sa pamamagitan ng pagpili sa listahan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan. Upang makita ang magkakaugnay na talata sa inyong mga banal na kasulatan, markahan ang unang talata sa listahan. Isulat sa tabi ng talatang iyan ang sanggunian para sa pangalawang talata na nasa listahan. Tunghayan ang pangalawang talata, markahan ito, at isulat ang sanggunian para sa pangatlong talata. Magpatuloy hanggang sa mamarkahan ang huling talata na nasa listahan, at pag-ugnayin ang mga ito sa pamamagitan ng pagsulat ng reperensiya ng unang talata sa tabi ng huling talata.

Nasa mga pahina 30–31 ng gabay sa pag-aaral na ito ang buong teksto ng "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo." Maaari kayong sumangguni sa pagpapahayag habang pinag-aaralan ang materyal sa aralin 45. Ang gabay sa pag-aaral ay naglalaman din ng magkakasunod na pangyayari sa kasaysayan ng Simbahan (mga pahina 32–34) at tatlong mapa ng mahahalagang lugar sa kasaysayan ng Simbahan (mga pahina 35–37).

Ang aklat na *Ang Ating Pamana: Isang Maikling Kasaysayan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw* (35448 893) ay makapagbibigay rin sa inyo ng dagdag na kaalaman hinggil sa kasaysayan ng Simbahan. Maraming aralin sa kurso ang kabibilangan ng takdang-babasahin mula sa aklat na ito. Maaaring may kopya kayo ng *Ang Ating Pamana* sa inyong taha-

nan. Kung wala, kausapin ninyo ang inyong guro kung paano makakukuha nito.

**Pakikibahagi sa mga Talakayan sa Klase**

Kasama kayo ng inyong guro sa Doktrina ng Ebanghelyo sa tungkuling gawing matagumpay ang klase. Dumalo sa klase na nakahandang makibahagi sa talakayan at magbahagi ng mga personal na patotoo, damdamin, at karanasan hinggil sa mga alituntunin at doktrinang itinuturo.

**Mungkahing Pamamaraan ng Pagbabasa**

Sa kursong ito, ang mga aralin ay ginawa na may mga kaugnay na takdang-babasahin upang tulungan kayong matutuhan at maisagawa ang itinuturo ng Doktrina at mga Tipan at kasaysayan ng Simbahan hinggil sa mga natatanging paksa ng ebanghelyo. Bukod sa pagtapos sa pagbabasa sa takdang-babasahin para sa bawat aralin, hinihimok kayong basahin ang Doktrina at mga Tipan mula simula hanggang wakas sa buong panahon ng kursong ito.

---

## Pambungad sa Doktrina at mga Tipan at Kasaysayan ng Simbahan — 1

**Takdang-babasahin: Pambungad sa Doktrina at mga Tipan; Doktrina at mga Tipan 1; pambungad sa *Ang Ating Pamana*.**

- Paanong kaiba ang Doktrina at mga Tipan sa iba pang mga aklat ng banal na kasulatan? (Tingnan ang ikatlong talata ng Pambungad.)

Noong ika-1 ng Nobyembre, 1831 si Propetang Joseph Smith ang namuno sa isang natatanging komperensiya ng mga elder, na idinaos sa Hiram, Ohio. Ang mga dumalo ay nagpasiya na tipunin ang ilan sa mga paghahayag na natanggap ng Propeta at ilathala ang mga ito sa isang aklat na pinamagatang Aklat ng mga Kautusan (Book of Commandments). Kasunod ng unang sesyon ng komperensiyang ito ay inihayag ng Panginoon ang Kanyang pagsang-ayon sa paglalathala sa pamamagitan ng pagbibigay kay Joseph Smith ng paghahayag na tinawag Niyang "aking paunang salita sa aklat ng aking mga kautusan" (D at T 1:6). Ang paghahayag na ito ay ang bahagi 1 ngayon ng Doktrina at mga Tipan.

- Anu-anong babala ang ipinalabas ng Panginoon sa D at T 1? (Tingnan sa mga talata 7– 10, 12–16, 31–33.)
- Anu-ano ang ilan sa mga layunin ng mga paghahayag sa Doktrina at mga Tipan? (Tingnan sa D at T 1:17–28.)

Ang dispensasyong ito ay maaaring hatiin sa anim na makasaysayang kapanahunan, tatalakayin ang bawat isa sa kurso para sa taong ito:

| | |
|---|---|
| Kapanahunan ng New York | 1820–1830 |
| Kapanahunan ng Ohio-Missouri | 1831–1838 |
| Kapanahunan ng Nauvoo | 1839–1846 |
| Unang Paninirahan sa Kanluran | 1846–1898 |
| Paglawak ng Simbahan | 1899–1950 |
| Ang Pandaigdig na Simbahan | 1951–kasalukuyan |

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Ang Salita ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan**

| | |
|---|---|
| D at T 1:37–39 | D at T 84:60 |
| D at T 18:33–36 | D at T 88:66 |

## “Masdan, Ako si Jesucristo, ang Tagapagligtas ng Sanlibutan” 2

**Takdang-babasahin: Pag-aralan ang mga talata ng banal na kasulatan na nakalista sa mga sumusunod na tanong at sa magkakaugnay na banal na kasulatan sa araling ito.**

Ang Biblia, ang mga aklat nina Moises at Abraham sa Mahalagang Perlas, at ang Aklat ni Mormon ay mga sinaunang tipan, o saksi ni Jesucristo. Ang Doktrina at mga Tipan ay isang tipan ni Jesucristo na ibinigay sa dispensasyong ito.

- Basahin ang D at T 19:16–19. Ano ang itinuturo sa atin ng talatang ito tungkol sa pagpapakasakit na ginawa ng Tagapagligtas para sa atin? Bakit pumayag si Jesus na dumanas ng gayon katinding pagdurusa para sa atin? (Tingnan sa D at T 18:10–11; 19:19, 24; 34:3.)
- Basahin ang D at T 88:14–18; 93:33; Alma 11:42–44. Ano ang matututuhan ninyo tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli sa mga talatang ito?
- Basahin ang D at T 18:11–12; 19:16–17, 20; 58:42; 76:62–70. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa mga pagpapalang maaari ninyong tanggapin sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas?
- Paano ninyo maipakikita sa Tagapagligtas ang inyong pasasalamat sa Kanyang Pagbabayad-sala?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Mga Ginagampanan at Katangian ng Tagapagligtas**

| | |
|---|---|
| D at T 6:20–21 | D at T 45:3–5 |
| D at T 6:32–37 | D at T 50:44 |
| D at T 19:1–3 | D at T 93:5–19 |
| D at T 29:1–2 | D at T 133:42–52 |
| D at T 38:1–3 | |

## “Nakakita Ako ng Pangitain” 3

**Takdang-babasahin: Joseph Smith—Kasaysayan 1:1–26; *Ang Ating Pamana,* mga pahina 1–5.**

Matapos ipako sa krus si Jesucristo, ang Kanyang mga Apostol ang namuno sa Simbahan. Ngunit hindi nagtagal ay nadagdagan ang pagmamalupit, pagkakahati, at pagtalikod sa katotohanan. Sa loob ng ilang dekada, nagkaroon ng pagtalikod sa Simbahan, tulad ng naipropesiya ng mga Apostol (Mga Gawa 20:28–30; 2 Mga Taga Tesalonica 2:1–3; 2 Kay Timoteo 4:3–4). Ang pagtalikod sa katotohanang ito ay kilala bilang ang Malawakang Pagtalikod sa Katotohanan.

- Anu-ano ang ilan sa mga bunga ng Malawakang Pagtalikod sa Katotohanan? (Tingnan sa D at T 1:15–16; Joseph Smith—Kasaysayan 1:8–9, 19, 21; Mormon 1:13–14.)
- Bakit naguluhan si Joseph kung aling simbahan ang kanyang aaniban? (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:5–10.) Paanong ang kalagayan ni Joseph ay katulad ng sa mga tao sa ngayon na nagsasaliksik upang malaman ang katotohanan?

- Anu-ano ang ilan sa mga katotohanan na inyong matututuhan mula sa Unang Pangitain?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Ang Pagtalikod sa Katotohanan at ang Pagpapanumbalik**

| | |
|---|---|
| Amos 8:11–12 | D at T 1:14–17 |
| Mga Gawa 3:20–21 | D at T 128:20–21 |

## "Alalahanin ang Bagong Tipan, Maging ang Aklat ni Mormon" 4

**Takdang-babasahin: Joseph Smith—Kasaysayan 1:27–65; Doktrina at mga Tipan 3; 5; 10; 17; 20:5–15; 84:54–62; *Ang Ating Pamana*, mga pahina 7–12.)**

- Ano ang itinuturo ng kuwento ng mga nawalang pahina ng manuskrito tungkol sa kapangyarihan ng Panginoon? (Tingnan sa D at T 3:1–3; 10:14, 43; 1 Nephi 9:6.)
- Sinu-sino ang Tatlong Saksi at Walong Saksi sa Aklat ni Mormon? (Tingnan sa "Ang Patotoo ng Tatlong Saksi" at "Ang Patotoo ng Walong Saksi" sa pambungad ng Aklat ni Mormon; tingnan din sa *Ang Ating Pamana*, mga pahina 11–12.) Sa paanong paraan kayo maaaring maging saksi sa Aklat ni Mormon? (Tingnan sa Moroni 10:3–5.)
- Noong Setyembre 1832 ang Propetang si Joseph Smith ay tumanggap ng paghahayag kung saan sinabi ng Panginoon na ang "buong simbahan [ay nasa] ilalim ng kaparusahan" (D at T 84:55). Bakit nasa ilalim ng kaparusahan ang Simbahan? (Tingnan sa D at T 84:54–56.) Ano ang kinailangang gawin ng mga miyembro ng Simbahan para mawala ang kaparusahan? (Tingnan sa D at T 84:57–58, 60–62.)

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Ang Itinuturo ng Doktrina at mga Tipan hinggil sa Aklat ni Mormon**

| | |
|---|---|
| D at T 1:29 | D at T 20:8–15 |
| D at T 3:18–20 | D at T 33:16 |
| D at T 17:6 | D at T 42:12 |
| D at T 19:26–27 | D at T 84:54–58 |

## "Ito ang Diwa ng Paghahayag" 5

**Takdang-babasahin: Doktrina at mga Tipan 6; 8; 9; Joseph Smith—Kasaysayan 1:8–17.**

- Sa palagay ninyo, bakit napakahalaga ang personal na paghahayag sa ating panahon?
- Basahin ang D at T 9:8 at Joseph Smith—Kasaysayan 1:8–10. Ano ang magagawa natin upang mapag-aralan sa ating sariling isipan ang isang katanungan?
- Bakit kailangang pag-aralan at pagbulay-bulayin ang mga banal na kasulatan kapag naghahangad tayo ng paghahayag?
- Basahin ang D at T 25:10 at 30:2. Bakit mahalagang ituon ang pansin sa "mga bagay na [ukol sa Diyos]" kaysa sa "mga bagay ng mundo"

habang naghahangad tayo ng paghahayag? Paano natin mapalalaya ang ating sarili mula sa mga alalahanin at panggagambala ng mundo habang naghahangad tayo ng paghahayag?

- Basahin ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:8–17. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito hinggil sa kung paano makatatanggap ng personal na paghahayag?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Pagtanggap ng Personal na Paghahayag**

| | |
|---|---|
| D at T 5:24 | D at T 63:23 |
| D at T 9:8 | D at T 88:63–64 |
| D at T 25:10 | D at T 138:1–11 |

## "Sasabihin Ko sa Iyo sa Iyong Isipan at sa Iyong Puso, sa Pamamagitan ng Espiritu Santo" 6

**Takdang-babasahin: Doktrina at mga Tipan 6; 8; 9; 11.**

- Basahin ang D at T 8:2–3 at 85:6. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito hinggil sa paraan ng pakikipag-ugnayan sa atin ng Espiritu Santo? Bakit mahalagang maunawaan ang alituntuning ito ng pakikipag-ugnayan ng Espiritu Santo?

- Ano ang inihayag ng Panginoon kay Oliver Cowdery tungkol sa kanyang pagnanais ng "karagdagang katibayan" sa banal na misyon ng Propeta? (Tingnan sa D at T 6:22–23.) Paano tayo higit na makapagtitiwala sa kapayapaan na sinasabi ng Espiritu sa ating isipan?

- Bakit kailangan nating ipasailalim ang ating kalooban sa kalooban ng Diyos kapag naghahangad tayo ng personal na paghahayag?

- Paano natin malalaman kung ang paghahayag ay mula sa Diyos? (Tingnan sa D at T 11:12–14; 50:23–24.)

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Pagkilala sa Marahan at Banayad na Tinig**

| | |
|---|---|
| D at T 8:2–3 | D at T 128:1 |
| D at T 9:8–9 | D at T 136:32–33 |
| D at T 42:61 | |

## "Ang mga Pangunahing Alituntunin at Ordenansa ng Ebanghelyo" 7

**Takdang-babasahin: Pag-aralan ang mga talata ng banal na kasulatan na nakalista sa mga sumusunod na tanong at sa magkakaugnay na banal na kasulatan.**

- Ano ang ibig sabihin ng magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo? Paano natin mapalalakas ang ating pananampalataya kay Jesucristo? (Tingnan sa D at T 19:23; 88:118; Alma 32:27.)

- Ano ang pagsisisi? (Tingnan sa D at T 58:42–43.) Bakit natin kailangan ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas upang mapatawad ang ating mga kasalanan? (Tingnan sa 2 Nephi 2:6–9.)

- Anu-ano ang layunin ng pagbibinyag? (Tingnan sa D at T 18:22; 49:13–14.) Anu-ano ang mga kailangang magawa ng isang tao bago mabinyagan? (Tingnan sa D at T 20:37.)
- Ano ang kaibahan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo at ng kaloob na Espiritu Santo? (Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Espiritu Santo," 61–62.)

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Pagsisisi at ang Pagbabayad-sala**

| | |
|---|---|
| 2 Nephi 25:23 | D at T 19:15–19 |
| Alma 42:13–24 | Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3 |
| D at T 18:10–13 | |

---

## Ang Pagpapanumbalik ng Pagkasaserdote 8

**Takdang-babasahin: Doktrina at mga Tipan 13; 20:38–67; 27:12–13; 84:6–30; 107:1–20; 110:11–16; Joseph Smith—Kasaysayan 1:66–73; *Ang Ating Pamana*, mga pahina 13–16.**

Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, nagbigay ng maraming paghahayag ang Panginoon na nakaragdag nang malaki sa ating pang-unawa sa mga susi, katungkulan, samahan, ordenansa, tungkulin, at pagpapala ng pagkasaserdote.

- Anu-ano ang ilang paraan kung saan kumikilos ang mga maytaglay ng pagkasaserdote sa pangalan ng Diyos upang pagpalain ang Kanyang mga anak? (Tingnan sa D at T 20:38– 55; 107:8–12, 23, 35.)
- Anong awtoridad at pagpapala ang naipanumbalik kasama ng Pagkasaserdoteng Aaron? (Tingnan sa D at T 13; 84:26–27; 107:20.) Anong awtoridad at pagpapala ang naipanumbalik kasama ng Pagkasaserdoteng Melquisedec? (Tingnan sa D at T 84:19– 22; 107:8–12, 18–19; 110:11–16.)
- Ano ang mga katungkulan sa Pagkasaserdoteng Aaron at Pagkasaserdoteng Melquisedec? Ano ang mga tungkulin sa bawat katungkulan? (Tingnan sa D at T 20:38–59; 27:12–13; 42:43–44; 43:15–16; 84:111; 107:10–17, 23, 25, 33–35, 38–39, 58, 68, 71, 87–88, 93– 97; 124:91–93, 124, 128.)

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Pamamahala ng Simbahan sa Pamamagitan ng mga Susi ng Pagkasaserdote**

Habang pinag-aaralan ninyo ang mga sumusunod na talata, isaisip na ang mga susi ng pagkasaserdote ay ang karapatang mamuno at mangasiwa ng Simbahan sa isang saklaw na lugar, tulad ng istaka, purok, o korum. Sa ilalim ng pangangasiwa ng Pangulo ng Simbahan, na nagtataglay ng lahat ng susing ipinanumbalik sa lupa sa dispensasyong ito, maaaring ipagkaloob sa iba ang mga natatanging susi upang mamuno, tulad ng pangulo ng templo, pangulo ng istaka, pangulo ng misyon, obispo, o pangulo ng korum ng mga elder. Ang mga susing ito ay ipinagkakaloob sa mga namumunong pagkasaserdote kapag sila ay itinalaga.

| | |
|---|---|
| Mateo 16:19 | D at T 84:19 |
| D at T 78:15–16 | D at T 112:30–34 |
| D at T 81:1–2 | |

## "Ang Tanging Tunay at Buhay na Simbahan" 9

**Takdang-babasahin: Doktrina at mga Tipan 20:1–36, 68–69, 75–79; 21; 27; 115:1–4; *Ang Ating Pamana*, mga pahina 16–19.**

Matapos mailathala ang Aklat ni Mormon at maipanumbalik ang pagkasaserdote, ang sumunod na mahalagang hakbang sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo ay ang pormal na pagtatatag ng Simbahan. Ang Doktrina at mga Tipan 20 ay naglalaman ng mga tagubilin kay Joseph Smith mula sa Panginoon tungkol sa pagtatatag ng Simbahan.

- Anong petsa itinatag ang Simbahan sa dispensasyong ito? (Tingnan sa D at T 20:1; 21:3.)
- Basahin ang D at T 20:68–69. Ano ang inihahayag ng mga talatang ito hinggil sa mga inaasahan ng Panginoon sa atin bilang mga miyembro ng Simbahan?
- Paano maaaring naging kaiba ang inyong buhay kung hindi naipanumbalik ang Simbahan o kung kayo ay hindi naging miyembro ng Simbahan? Ano ang magagawa ninyo upang lubos na matamasa ang mga pagpapala ng pagiging miyembro sa Simbahan?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Mga Propesiya sa Pagpapanumbalik ng Simbahan ng Panginoon**

Isaias 29:14
Daniel 2:44
Apocalipsis 14:6–7
D at T 27:6, 12–14
D at T 65:2

## "Ito ang Aking Tinig sa Lahat" 10

**Takdang-babasahin: Doktrina at mga Tipan 25.**

Marami sa mga paghahayag sa Doktrina at mga Tipan ang ibinigay sa iba't ibang tao. Bagama't ang payo sa mga paghahayag ay tiyak na ibinigay lamang sa mga taong ito na nabuhay maraming taon na ang nakalipas, karamihan sa mga payong ito ay nauukol sa atin ngayon. Noong Hulyo 1830, ipinatungkol ng Panginoon ang paghahayag kay Emma Smith, ang kabiyak ng Propetang si Joseph Smith (D at T 25).

- Basahin ang D at T 25:5, 14. Anuano ang ilang paraan na matutulungan ng mga mag- asawa ang isa't isa sa panahon ng kahirapan? Paano maipakikita ng mag-asawa na nagagalak sila sa isa't isa?

Basahin ang mga sumusunod na talata hinggil sa payo ng Panginoon upang maiwasan ang kapalaluan:

*Mga babala upang maiwasan ang kapalaluan:* D at T 23:1; 25:14; 38:39; 90:17; 98:19–20 *Mga pagpapala sa mga mapagpakumbaba:* D at T 1:28; 19:23; 112:10; 124:97

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Inihahalintulad sa Ating Sarili ang mga Banal na Kasulatan**

1 Nephi 19:23
D at T 25:13–16
D at T 61:36–37
D at T 82:1–6
D at T 93:49

## “Ang Bukirin ay Puti na Upang Anihin” 11

**Takdang-babasahin: Doktrina at mga Tipan 4; 11–12; 14–18; 31; 33; 75; *Ang Ating Pamana*, pahina 12–13.**

- Ayon sa D at T 4:2, ano ang hinihingi ng Panginoon sa mga naglilingkod sa Kanyang kaharian?
- Alin-aling katangian ang pinakamadalas na ulitin sa D at T 4:5–6; 12:8; 18:19? Anu-ano ang naranasan ninyo na nagpapakita ng kahalagahan ng alinman sa mga katangiang ito sa paglilingkod sa Panginoon?
- Basahin ang D at T 4:4; 11:3; 33:3. Ano ang ibig sabihin ng Panginoon sa paghahambing sa gawaing misyonero sa isang bukid na handa na upang anihin?
- Ano ang nararapat ituro ng mga tagapaglingkod ng Panginoon? (Tingnan sa D at T 11:9; 15:6; 18:6; 31:3–4; 33:10–11; 42:12; 52:8–9.)

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Gawaing Misyonero**

| | |
|---|---|
| Alma 17:2–3 | D at T 11:21 |
| Alma 26:22 | D at T 12:8 |
| D at T 4:1–7 | D at T 18:10–16 |

## “Pagtitipon ng Aking mga Tao” 12

**Takdang-babasahin: Doktrina at mga Tipan 29:1–8; 33:3–7; 37; 38:24–41; 52:2–5, 42–43; 57:1–3; 110:11; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10; *Ang Ating Pamana*, mga pahina 19–27, 43–46.**

Ang espirituwal na pagtitipon ng Israel ay nangyayari habang natututuhan ng mga tao ang ebanghelyo, lumalapit kay Cristo, nabibinyagan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at tumutupad sa kanilang mga tipan. Sa ganitong paraan ay natitipon sila mula sa mundo patungong Simbahan, o sa kaharian ng Diyos sa lupa. Ang pisikal na pagtitipon ng Israel ay nangyayari habang nagsasama-sama ang mga miyembro ng Simbahan sa isang natatanging pook o sa mga istaka ng Sion sa buong mundo.

- Basahin ang D at T 29:1–2, 7–8. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito hinggil sa mga layunin ng pagtitipon?
- Anu-anong layunin ang ibinigay ng Panginoon sa pag-uutos sa Kanyang mga tao na magtungo sa Ohio? (Tingnan sa D at T 38:31–32; 39:15.) Sa paanong paraan “pinagkalooban ng kapangyarihan mula sa itaas” ang mga banal matapos silang magtipon sa Ohio? (Tingnan sa D at T 95:8; 105:33; 110:9.)
- Sa halip na magtipon sa isang lugar na tulad ng ginawa ng mga sinaunang Banal, pinayuhan tayo ngayon na magtipon at palakasin ang mga istaka ng Sion kung saan tayo naninirahan. Ano ang magagawa natin upang matiyak na ang ating mga istaka ay kanlungan at pananggalang laban sa kasamaan?
- Patuloy ngayon ang pagtitipon sa mga tao ng Panginoon. Marami sa mga anak ng Ama sa Langit ang naghahanap ng katotohanan, at

"napagkakaitan lamang ng katotohanan sapagkat hindi nila alam kung saan ito matatagpuan" (D at T 123:12). Anu-ano ang tungkulin natin sa pagtulong sa gawaing ito?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Ang Pagtitipon ng mga Tao ng Panginoon**

1 Nephi 15:12–17
1 Nephi 22:11–12
D at T 29:7
D at T 33:6
D at T 110:11
Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10

## "Ang Salinlahing Ito ay Tatanggap ng Aking Salita sa Pamamagitan Mo" 13

**Takdang-babasahin: Ang mga talata ng banal na kasulatan na nakalista sa mga sumusunod na tanong at sa magkakaugnay na banal na kasulatan; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagsasalin ni Joseph Smith," 195; *Ang Ating Pamana*, mga pahina 27–29, 46–48, 69–70.**

- Ang ginampanan ni Joseph Smith sa pagpapanumbalik at pagtanggap ng salita ng Panginoon ay ipinropesiya sa maraming pagkakataon. Anu-anong propesiya ang matatagpuan sa Moises 1:40–41 at 2 Nephi 3:11–15? Anong mga banal na kasulatan ang dumating sa atin sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith?
- Tukuyin ang ilang simple at mahalagang doktrina ng ebanghelyo na ipinanumbalik sa pamamagitan ng Propetang si Joseph Smith. (Tingnan ang sumusunod na magkakaugnay na banal na kasulatan.)

D at T 84:19–25 (Pagkasaserdoteng Melquisedec)

D at T 88:15–24 (Tatlong kaharian ng kaluwalhatian; tingnan din sa D at T 76:50–112)
D at T 93:29 (Buhay bago ang buhay sa mundo)
D at T 107:23, 33, 35 (Mga apostol at propeta)
D at T 124:37–42 (Mga templo)
D at T 128:16–18 (Pagbibinyag para sa patay)
D at T 130:22 (Ang Panguluhang Diyos)

## Ang Batas ng Paglalaan 14

**Takdang-babasahin: Doktrina at mga Tipan 42:30–42; 51; 78; 82; 104:11–18; *Ang Ating Pamana*, pahina 30.**

Noong Pebrero 1831, hindi pa natatagalan matapos magsimulang magtipon ang mga Banal sa Kirtland, Ohio ay inihayag ng Panginoon na kailangan nilang simulang ipamuhay ang batas ng paglalaan. Ang ibig sabihin ng *ilaan* ay italaga ang anumang bagay sa paglilingkod sa Panginoon.

- Anu-ano ang mga layunin ng batas ng paglalaan? (Tingnan sa D at T 42:30–35, 40, 42; 51:9; 78:3–7, 14; 82:17–19.)

Ang batas ng paglalaan ay isang maayos na pamamaraan kung saan itinatalaga ng bawat tao ang kanilang oras,

talino, at ari-arian sa Simbahan upang itatag ang kaharian ng Panginoon at paglingkuran ang Kanyang mga anak.

- Ano sa palagay ninyo ang ilan sa mga magiging biyaya ng paninirahan sa isang komunidad kung saan ipinamumuhay ng mga tao ang batas ng paglalaan?
- Bilang mga Banal ng Diyos, kailangan tayong maging handa at kusang ipamuhay ang batas ng paglalaan sa kabuuan nito. Subalit hindi natin kailangan pang maghintay sa hinaharap upang ilaan ang ating buhay sa Panginoon. Sa anu-anong paraan natin maipamumuhay ang batas ng paglalaan sa ating buhay ngayon?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Ang Batas ng Paglalaan**

| | |
|---|---|
| 4 Nephi 1:3 | D at T 51:3 |
| D at T 42:30 | D at T 78:3–6 |
| D at T 49:20 | D at T 105:5 |

---

## "Masigasig Ninyong Hanapin ang mga Pinakamahusay na Kaloob" 15

**Takdang-babasahin: Doktrina at mga Tipan 46; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:7; 1 Mga Taga Corinto 12–13; Moroni 10:8–18; *Ang Ating Pamana*, pahina 49–50, 56–57, 76.**

Ang mga kaloob ng Espiritu ay mga pagpapala o kakayahang espirituwal na ipinagkakaloob sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ang mga kaloob na ito ay inalis sa mundo noong kapanahunan ng Lubusang Pagtalikod sa Katotohanan, subalit ipinanumbalik ng Diyos ang mga ito sa mga unang araw ng dispensasyong ito. Nagbibigay ang Diyos ng kahit isa sa mga kaloob na ito sa bawat matapat na miyembro ng Kanyang Simbahan na nakatanggap na ng kaloob na Espiritu Santo.

- Alin-aling kaloob na espirituwal ang nakatala sa D at T 46:13–25? Anu-ano ang ilang layunin ng mga kaloob ng Espiritu? (Tingnan sa D at T 46:8–9, 11–12, 26.)
- Ano ang magagawa ninyo upang mahanap ang mga kaloob ng Espiritu? (Tingnan sa D at T 46:7, 9, 30–33.)
- Paano tayo matutulungan ng basbas ng patriyarka na maunawaan kung anu-anong pagpapala o kaloob ang maaaring ipinagkaloob o ipagkakalob pa lamang sa atin ng Panginoon?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Mga Kaloob ng Espiritu**

| | |
|---|---|
| 1 Mga Taga Corinto 12:1–12 | D at T 46:11–33 |
| Moroni 10:8–18 | Mga Saligan ng Pananampalataya 1:7 |

## “Ihandog ang Inyong Sakramento sa Aking Banal na Araw” 16

**Takdang-babasahin: Doktrina at mga Tipan 59; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Araw ng Sabbath”, pahina 14.**

Mula noong mga unang panahon, inutusan ng Diyos ang Kanyang mga anak na panatilihing banal ang araw ng Sabbath (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Araw ng Sabbath,” 14). Sa ating dispensasyon, binigyang-diin muli ng Panginoon ang kahalagahan ng Sabbath.

- Sinabi ng Panginoon, “Kayo ay magtungo sa palanginan. . .sa aking banal na araw” (D at T 59:9). Sa palagay ninyo bakit mahalaga na magtipon nang sama-sama upang sambahin ang Diyos sa araw ng Sabbath? Ano ang magagawa ninyo upang maihanda ang inyong sarili para sa mga pulong tuwing Linggo?
- Bakit mahalaga na tumanggap ng sakramento bawat linggo? (Tingnan sa D at T 59:9; 3 Nephi 18:6–7.)
- Basahin ang D at T 59:10. Ano ang ibig sabihin ng magpahinga mula sa ating mga gawain? Paano nagpapakita ng ating pagmamahal sa Diyos ang pamamahinga sa ating mga gawain?
- Anong mga pagpapala ang ipinangako ng Panginoon sa mga nagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath? (Tingnan sa D at T 59:9, 13, 15–17.) Paano nakatutulong sa atin ang pangingilin sa araw ng Sabbath upang matanggap ang lubos na kagalakan?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Ang Araw ng Sabbath**

Exodo 20:8–11
Isaias 58:13–14
Marcos 2:23–28
17
Mosias 18:23
D at T 59:9–13

## Ang Batas ng Ikapu at ang Batas ng Ayuno 17

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 59: 13–14, 21; 119; 120.**

- Basahin ang D at T 119:3–4. Ano ang pakahulugan ng Panginoon sa ikapu? Ano ang ipinangangako ng Panginoon sa mga nagbabayad ng ikapu? (Tingnan sa Malakias 3:10–12 o 3 Nephi 24:10–12.)
- Anu-ano ang ilan sa mga layunin ng pag-aayuno? Ano ang ipinangako ng Panginoon sa mga sumusunod sa batas ng pag-aayuno? (Tingnan sa Isaias 58:8–12.) Sa paanong mga paraan nakatulong ang pag-aayuno sa inyo?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Ikapu**

Genesis 14:18–20
Levitico 27:30
Malakias 3:8–12
D at T 64:23
D at T 119

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Pag-aayuno**

Isaias 58:5–11
D at T 59:13–16

## “Magtatag . . . ng Isang Bahay ng Diyos” 18

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 95; 109; 110; *Ang Ating Pamana,* mga pahina 39–42.**

Ang mga templo ay mahalagang bahagi ng ebanghelyo ni Jesucristo. Noong Disyembre 1832, inatasan ng Panginoon ang mga Banal na magtayo ng templo sa Kirtland, Ohio (D at T 88:119; 109:2).

- Basahin ang D at T 95:3–4, 8–9, 16–17; 109:5, 8. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa mga layunin ng pagtatayo ng templo sa Kirtland, Ohio? Ano ang inihayag ng Panginoon kay Joseph Smith tungkol sa kung paano itatayo ang Templo sa Kirtland? (Tingnan sa D at T 95:13–17.)

- Anu-ano ang ilan sa mga hamon at sakripisyong kaugnay ng pagtatayo ng templo? (Tingnan sa D at T 109:5, *Ang Ating Pamana,* 39–40). Anu-ano ang ilang mga sakripisyong magagawa ninyo upang makabahagi sa gawain sa templo?

- Bakit natin inilalaan ang mga templo? Ano ang nadama ninyo nang dumalo kayo sa isang serbisyo ng paglalaan ng templo? Anu-anong espirituwal na pagpapamalas ang naganap noong ilaan ang Templo sa Kirtland? (Tingnan sa *Ang Ating Pamana,* 40–41.)

- Anu-anong susi ng pagkasaserdote ang ipinanumbalik nina Moises, Elias, at Elijah? (Tingnan sa D at T 110:11–16.) Anu-anong pagpapala at responsibilidad ang napasainyo ngayon dahil sa naipanumbalik ang mga susing ito?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Ang Kabanalan ng Templo**

D at T 97:15–16
D at T 101:22
D at T 109:12–15
D at T 110:7–8
D at T 124:39

## Ang Plano ng Kaligtasan 19

**Takdang babasahin: Pag-aralan ang mga talata ng mga banal na kasulatan na nakatala sa sumusunod na mga tanong sa magkakaugnay na banal na kasulatan.**

- Basahin ang Moises 4:2, D at T 19:16–19, at D at T 76:40–42. Bakit nakatuon sa Pagbabayad-sala ang plano ng kaligtasan?

Ang plano ng kaligtasan ay mahahati sa tatlong bahagi: buhay bago pa ang buhay na ito, buhay sa lupa, at kabilang buhay.

- Anu-ano ang ilan sa mga hamong nakaharap ninyo sa buhay sa lupa? Paano nakatutulong sa inyo ang kaalamang may kabilang buhay sa pagharap ninyo sa mga hamong ito?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Ang Plano ng Kaligtasan**

*Buhay bago ang buhay sa lupa*
Job 38:4–7
D at T 138:55–56
Abraham 3:22–28

*Buhay sa lupa*
Alma 42:9, 14
D at T 29:40–43
Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3

*Kabilang buhay*
Alma 40:11–14
Alma 42:11–13, 15
D at T 76:111
D at T 88:14–16

## Ang mga Kaharian ng Kaluwalhatian 20

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 76; 131; 132:19–24; 137.**

- Anu-anong kalagayan ang naging sanhi ng pagkatanggap ng pangitaing nakatala sa D at T 76? (Tingnan sa D at T 76:11–19; tingnan din sa ulo ng D at T 76.)
- Sino ang magmamana ng kahariang telestiyal? (Tingnan sa D at T 76:81–83, 98–101, 103.) Sino ang magmamana ng kahariang terestriyal? (Tingnan sa D at T 76:71–75, 79.) Sino ang magmamana ng kahariang selestiyal? (Tingnan sa D at T 76:50–53, 68–69. Tukuyin kung ano ang magagawa ninyo upang matiyak na makakamtan ninyo ang kahariang selestiyal.)

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Kadakilaan sa Kahariang Selestiyal**

D at T 76:50–59
D at T 78:7
D at T 88:21–22
D at T 131:1–4
D at T 132:21–23

## "Tatanaw sa Dakilang Araw ng Panginoon na Dumating" 21

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 29:9–29; 34:5–12; 45:16–75; 88:86–99; 101:22–34; 133.**

Ang Doktrina at mga Tipan ay nagbibigay ng mayamang impormasyon tungkol sa Ikalawang Pagparito, ang mga pangyayari bago ito dumating, at ang sanlibong taon ng kapayapaan na magsisimula sa pagparitong muli ng Tagapagligtas.

- Basahin ang D at T 29:9–11; 34:7–12; 45:44–54; 49:6–7; 133:46–53. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas?
- Ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas ay magpapanimula sa sanlibong-taong panahon na tinaguriang Milenyo. Ano ang magiging uri ng buhay sa lupa sa Milenyo? (Tingnan sa D at T 45:58–59; 101:23–34.) Paano magiging pagpapala sa buhay ninyo ngayon ang kaalaman tungkol sa Milenyo?
- Ano ang magagawa ninyo sa buhay ninyo ngayon upang maghanda para sa Ikalawang Pagparito? (Tingnan sa magkakaugnay na banal na kasulatan sa ibaba.)

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Paghahanda para sa Ikalawang Pagparito**

D at T 27:15–18
D at T 43:20–23
D at T 45:32, 35, 56–57
D at T 101:22–23
D at T 133:4–5, 11

## Ang Salita ng Karunungan: "Isang Alituntuning may Lakip na Pangako" 22

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 89: *Ang Ating Pamana,* mga pahina 27–29.**

- Basahin ang D at T 89:4. Ano ang itinuturo ng talatang ito tungkol sa mga dahilan ng Panginoon sa pagbibigay ng Salita ng Karunungan?
- Ano ang payo ng Panginoon tungkol sa kung ano ang hindi mabuti para sa katawan? (Tingnan sa D at T 89:5–9.) Anu-ano ang ilan sa mga kahihinatnan ng paggamit ng nakapipinsalang mga bagay na ito?
- Ano ang payo ng Panginoon tungkol sa kung ano ang mabuti para sa katawan? (Tingnan sa D at T 88:124; 89:10–17.)
- Anu-ano ang ipinangakong biyaya para sa mga sumusunod sa Salita ng Karunungan at lumalakad "sa pagsunod sa mga kautusan"? (Tingnan sa D at T 89:18–21.) Paano kayo nabiyayaan sa pagsunod ninyo sa Salita ng Karunungan?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Ang Katawan ay Isang Templo**

| | |
|---|---|
| Daniel 1:8 | D at T 59:17–20 |
| I Mga Taga Corinto: 3:16–17 | D at T 89 |
| I Mga Taga Corinto 6:19–20 | |

## "Maghangad na Matuto, Maging sa Pamamagitan ng Pag-aaral at Gayundin sa Pamamagitan ng Pananampalataya" 23

**Takdang babasahin: Pag-aralan ang mga talata sa banal na kasulatan sa mga sumusunod na katanungan at sa magkakaugnay na banal na kasulatan.**

- Nagpahayag ang Panginoon ng mga tagubilin kung paano pangangasiwaan ang Paaralan ng mga Propeta. Basahin ang D at T 88:122–25, at tukuyin ang mga bagay na sinabi ng Panginoon na dapat gawin ng mga kapatid at ang mga bagay na sinabi Niyang hindi nila dapat gawin. Ano ang matututuhan natin sa mga talatang ito tungkol sa kung paano tuturuan ang isa't isa?
- Ano ang payong ibinigay ng Panginoon sa D at T 88:118 tungkol sa pagkatuto? Paano napag-iibayo ng pananampalataya ang inyong kakayahang matuto? Anu-ano ang panganib ng pagkatuto nang walang pananampalataya sa Diyos at pagsunod sa Kanyang mga kautusan? (Tingnan sa II Kay Timoteo 3:7; 2 Nephi 9:28–29.)
- Basahin ang D at T 88:76–80. Sa palagay ninyo bakit tayo inutusang matuto ng tungkol sa napakaraming iba't ibang bagay?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Maghangad na Matuto**

| | |
|---|---|
| 2 Nephi 9:28–29 | D at T 90:15 |
| D at T 64:7 | D at T 93:36–37 |
| D at T 19:23 | D at T 93:53 |
| D at T 88:76–80 | D at T 131:6 |
| D at T 88:118 | D at T 136:32–33 |

## "Huwag Magpalinlang, sa Halip ay Manatiling Matatag" 24

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 26:28; 43:1–7; 50; 52:14–19; *Ang Ating Pamana,* pahina 42.**

Noong mga unang taon ng Simbahan, ilang miyembro ang nagpatangay sa panlilinlang ni Satanas, na humantong sa kanilang pagtalikod sa katotohanan, o paghihimagsik laban sa Diyos. Bilang mga miyembro ng Simbahan ngayon, kailangan tayong maging matapat at maingat.

- Anu-ano ang ilan sa mga paraan na sinusubukan ni Satanas na linlangin tayo at akayin tayo sa pagtalikod sa katotohanan? Ano ang magagawa natin upang maiwasan ang malinlang at maakay sa pagtalikod sa katotohanan?

- Noong mga unang taon ng Simbahan, maraming tao ang nagsabing nakatanggap sila ng mga paghahayag upang gabayan ang Simbahan at iwasto ang Propetang si Joseph Smith. Ano ang inihayag ng Panginoon bilang tugon sa mga pahayag na ito? (Tingnan sa D at T 28:2, 6–7; 43:1–3.)

- Basahin ang D at T 50:17–24 at Moroni 7:15–17. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa kung paano natin matutukoy ang mga bagay na ukol sa Diyos sa mga bagay na ukol kay Satanas?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Pagkilala at Pag-iwas sa Pansariling Pagtalikod sa Katotohanan**

| | |
|---|---|
| 2 Nephi 28:20–22 | D at T 84:54 |
| D at T 6:4–6 | D at T 93:39 |
| D at T 10:26 | D at T 121:37 |

## Pagkasaserdote: "Ang Kapangyarihan ng Kabanalan" 25

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 84:33–44; 107; 121:34–46; *Ang Ating Pamana,* mga pahina 30–31.**

Ang Pagkasaserdoteng Aaron at ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ay naipanumbalik sa lupa noong tagsibol ng 1829. Kasunod ng pagkatatag ng Simbahan noong 1830, unti-unting inihayag ng Panginoon ang mga tungkulin, korum, at kapulungan ng pagkasaserdote na kinakailangan upang maglaan ng pamunuan sa pag-unlad ng Simbahan.

- Ano ang ipinangangako ng mga maytaglay ng pagkasaserdote bilang bahagi ng sumpa at tipan ng pagkasaserdote? (Tingnan sa D at T 84:33, 36, 39–44.) Anu-anong pagpapala ang ipinangangako ng Panginoon bilang bahagi ng sumpa at tipan ng pagkasaserdote? (Tingnan sa D at T 84:33–34, 38, 42.)

- Sa D at T 121:34–46, ipinahahayag ng Panginoon ang mga alituntunin para sa paggamit ng pagkasaserdote. Bukod sa nagagawa nito sa mga maytaglay ng pagkasaserdote, karaniwang naaangkop ang mga alituntuning ito sa lahat ng pakikipagkapwa-tao. Paano natin maipamumuhay ang mga alintuntuning ito sa ating pakikisalamuha sa iba?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Mga Paghahayag Tungkol sa mga Tungkulin, Korum, at Kapulungan ng Pagkasaserdote**

D at T 20:38–67
D at T 41:9–12
D at T 90:1–6
D at T 102:1–2
D at T 107:21–25

## "Humayo sa Buong Daigdig, at Mangaral ng Aking Ebanghelyo" 26

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 112; *Ang Ating Pamana,* mga pahina 34–37, 42.**

- Basahin ang D at T 42:6 at 88:81. Anu-anong tagubilin ang ibinigay ng Panginoon sa mga Banal sa Kirtland sa mga talatang ito?
- Basahin ang *Ang Ating Pamana*, mga pahina 34–37. Anu-anong sakripisyo ang ginawa ng mga Banal upang maibahagi ang ebanghelyo? Anu-anong sakripisyo ang maaaring kailanganin nating gawin upang makapaglingkod bilang mga full-time na misyonero? Anu-anong sakripisyo ang maaaring kailanganin nating gawin upang maibahagi ang ebanghelyo sa ating mga kaibigan at kapitbahay?
- Anu-anong pangako ang ibinigay ng Panginoon sa Labindalawang Apostol sa D at T 112:19–22?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Paggawa ng Gawaing Misyonero at Pangangalaga sa mga Bagong Nagbalik-loob**

*Paggawa ng gawaing misyonero*
Marcos 16:15
D at T 18:15–16
D at T 60:2
D at T 88:81
D at T 123:11–12

*Pangangalaga sa mga bagong nagbalik-loob*
Mga Taga Efeso 2:19
Helaman 6:3
Moroni 6:4

## "Sila ay Kinakailangang Parusahan at Subukan, Maging Gaya ni Abraham" 27

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 101; 103; 105, *Ang Ating Pamana,* mga pahina 30–34, 43–53.**

Mula 1831 hanggang 1833, maraming Banal ang nanirahan sa Jackson County, Missouri, na itinalaga ng Panginoon bilang sentro ng istaka ng Sion. Ngunit, dahil sa mga paglabag ng ilang miyembro ng Simbahan at ng mga pag-uusig ng mga lokal na mamamayan, itinaboy ang mga Banal mula sa Jackson County noong taglagas ng 1833.

- Anu-anong dahilan ang ibinigay ng Panginoon sa pagpapahintulot na dumanas ng paghihirap ang mga Banal sa Missouri? (Tingnan sa D at T 101:2, 4, 6–8.) Anu-ano ang layunin ng Panginoon sa pagpaparusa sa Kanyang mga tao? (Tingnan sa D at T 95:1; 105:6; Helaman 12:3.)
- Paano nagpakita ng pagkahabag ang Panginoon sa mga Banal matapos silang parusahan? (Tingnan sa D at T 101:9–19.) Paano ninyo nadama ang pag-ibig at awa ng Panginoon sa mga oras ng natatanging pangangailangan?
- Basahin ang D at T 101:35–38. Ano ang matututuhan natin mula sa mga talatang ito na makatutulong sa ating panatilihing nasa wasto ang pananaw natin sa buhay?
- Inihayag ng Panginoon sa mga Banal na kakailanganin nilang "maghintay ng maikling panahon" para sa ikatutubos ng Sion dahil sa di-pagsunod at pagtatalu-talo ng ilang Banal (D at T 105:9, 13). Anu-ano ang ilan sa mga bagay na hiniling ng Panginoon para sa napipintong pagtatatag ng Sion? (Tingnan sa D at T 105:1–13.)

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Pagtitiis sa Kabila ng Kahirapan**

Mga Gawa 14:21–22
2 Nephi 2:11
Mosias 24:13–16
D at T 50:5
D at T 58:2

---

## "O Diyos, Nasaan Kayo?" 28

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 121:1–33; 122; *Ang Ating Pamana,* mga pahina 55–63.**

- Basahin ang D at T 121:1–6. Ano ang ipinahihiwatig ng mga talatang ito tungkol sa nadarama at iniisip ni Joseph Smith sa oras na ito? Anu-ano ang naiisip at nadarama ninyo habang binabasa ninyo ang mga pagsusumamo ni Joseph Smith sa Panginoon sa mga talatang ito?
- Basahin ang D at T 121:7–10. Ano ang itinuro ng Panginoon kay Joseph sa mga talatang ito?
- Isipin ang ilan sa sarili ninyong mga pagsubok habang binabasa ninyo ang D at T 122:5–8. Sa anong paraan "nagpakababa-baba" ang Tagapagligtas sa lahat ng bagay? (Tingnan sa Alma 7:11–12; D at T 19:16–19.) Paano makatutulong sa inyo na maging matapat sa sandali ng inyong sariling pagdurusa ang kaalaman sa paghihirap ng Tagapagligtas?
- Basahin ang D at T 98:12, 14–15; 101:1–2, 4; 122:7; 136:31. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa mga layunin ng kahirapan? Bakit hinahayaan ng Panginoon na magdanas tayo ng mga pagdurusa? (Tingnan sa D at T 58:2–5.)

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Ang Paghihirap ng Panginoon para sa Atin**

Isaias 53:5–6
Sa Mga Hebreo 2:17–18
Alma 7:11–12
D at T 88:6
D at T 122:5–8

## Pagtatayo ng Kaharian ng Diyos sa Nauvoo, Illinois

## 29

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 124: 1–21, 87–90, 97–110; 126; *Ang Ating Pamana,* mga pahina 60–61, 65–68, 72–74.**

- Paano nakarating ang mga Banal sa Nauvoo? (Tingnan sa *Ang Ating Pamana*, 60–61, 65.) Anu-ano ang ilan sa mga hamong hinarap nila sa kanilang paglalakbay at sa pagdating sa Nauvoo?
- Maraming miyembro ng Simbahan sa Nauvoo, kabilang na ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawa, ang tinawag upang maglingkod bilang mga misyonero. Anu-anong sakripisyo ang ginawa ng mga unang misyonero? (Tingnan sa *Ang Ating Pamana,* 65–68.) Anu-anong sakripisyo ang magagawa ninyo upang makatulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos?
- Basahin ang D at T 124:16–19, 87–90, 97–110. Ang mga kalalakihang binanggit sa mga talatang ito ay tumanggap ng mga dakilang tagubilin at pangako. Gayunman, humantong sila sa pagtalikod sa katotohanan at hindi nila nakamtan ang marami sa kanilang mga biyaya. Ano ang labis na nakatulong sa inyo sa inyong mga pagsisikap na magtiis hanggang wakas sa kabutihan?
- Habang naninirahan ang mga Banal sa Nauvoo, binuo ni Propetang Joseph Smith ang Samahang Damayan sa pamamagitan ng awtoridad ng pagkasaserdote. Anu-anong pagpapala ang dumating sa inyong buhay dahil sa Samahang Damayan?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Pagtatayo ng Kaharian ng Diyos**

| | |
|---|---|
| Mateo 6:33 | D at T 6:6 |
| Jacob 2:18–19 | D at T 105:32 |

## "Ang mga Bilanggo ay Makalalaya"

## 30

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 2; 124:25–55; 127; 128; Joseph Smith—Kasaysayan 1:36–39; *Ang Ating Pamana,* mga pahina 70–71.**

- Noong ika-19 ng Enero 1841, maraming buwan makaraang simulan ng mga Banal ang pagsasagawa ng mga pagbibinyag para sa mga patay, inutusan sila ng Panginoon na magtayo ng isang templo sa Nauvoo (D at T 124:25–27). Anu-ano ang dahilang ibinigay ng Panginoon para sa kautusang ito? (Tingnan sa D at T 124:28–30, 33, 40–41, 55.)
- Basahin ang D at T 128:15. Sa anu-anong paraan umaasa ang mga patay sa atin para sa kanilang kaligtasan? Sa anu-anong paraan nakasalalay ang kaligtasan natin sa kaligtasan ng mga patay? (Tingnan sa D at T 128:17–18.)
- Basahin ang D at T 128:19, 22–24. Ayon sa mga talatang ito, ano ang

dapat nating maging pananaw tungkol sa ebanghelyo at tungkol sa pagsasagawa ng mga pagbibinyag para sa mga patay?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Pagbibinyag para sa mga Patay**

| | |
|---|---|
| I Mga Taga Corinto 15:29 | D at T 128:15–18 |
| D at T 127:5–9 | D at T 138:28–35 |

## "Ibinuklod . . . sa Panahon at sa Lahat ng Kawalang-Hanggan" 31

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 131: 1–4; 132:4–33.**

- Bakit mahalagang bahagi ng walang-hanggang plano ng Diyos ang kasal? (Tingnan sa D at T 131:1–4; I Mga Taga Corinto 11:11.)
- Kapag ikinasal ang lalaki at babae sa panahon at sa kawalang-hanggan sa templo, gumagawa sila ng tipan sa Panginoon. Anu-anong pagpapala ang tatanggapin nila kung tapat sila sa kanilang tipan? (Tingnan sa D at T 131:1–4; 132:7, 19–24, 30–31.) Anu- anong pagpapala ang idudulot ng kasal sa templo sa buhay sa lupa?
- Paano matutulungan ng mga magulang at ng iba pang nasa wastong gulang ang mga kabataan na makapaghanda para sa walang-hanggang kasal? Ano ang magagawa natin upang maging walang-hanggan ang ating kasal?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Kasal**

| | |
|---|---|
| Genesis 2:18, 24 | D at T 131:1–4 |
| I Mga Taga Corinto 11:11 | D at T 132:15, 19 |

## "Upang Tatakan ang Patotoo" 32

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 135; *Ang Ating Pamana,* mga pahina 74–79.**

- Ano ang inyong nadarama habang iniisip ninyo ang sakripisyong ginawa ng Propeta at ng kapatid niyang si Hyrum para sa mga patotoo nila sa ebanghelyo?
- Ayon sa D at T 135:3, anu-ano ang ilan sa mga pangunahing nagawa ng Propetang si Joseph Smith noong siya ay nabubuhay pa? Sa paanong paraan nakagawa ang Propetang si Joseph Smith "nang higit pa, maliban lamang kay Jesus, para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig, kaysa sa sinumang tao na kailanman ay nabuhay rito"?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Mga Martir**

| | |
|---|---|
| Mga Gawa 7:54–60 | D at T 98:13 |
| Sa Mga Hebreo 9:15–17 | D at T 135:6–7 |
| Mosias 17:7–10 | D at T 136:34–39 |
| 3 Nephi 10:15 | |

## Pinamunuan ni Pangulong Brigham Young ang mga Banal

33

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 107:22–24; *Ang Ating Pamana,* mga pahina 79–86.**

- Sa pagkamatay ng Propetang si Joseph Smith, maraming tao ang humula na hindi na magpapatuloy pa ang Simbahan. Ano ang hindi naunawaan ng mga taong ito tungkol sa pamunuan ng Simbahan?
- Pagkamatay ni Propetang Joseph Smith, paano nalaman ng mga Banal kung sino ang susunod na Pangulo ng Simbahan? (Tingnan sa *Ang Ating Pamana,* 79–81. Para sa iba pang halimbawa ng patuloy na pamumuno ng propeta sa Simbahan, tingnan ang magkakaugnay na banal na kasulatan para sa araling ito.)
- Anu-ano ang ilan sa mga pagsubok at himalang naranasan ng mga Banal sa paglalakbay patawid ng Iowa? (Tingnan sa *Ang Ating Pamana,* 83–86.)

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Patuloy na Pamumuno ng Propeta**

Josue 1:1–5
II Mga Hari 2:8–15
Jacob 1:12, 18–19

## Pananampalataya sa Bawat Hakbang

34

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 136; *Ang Ating Pamana,* mga pahina 86–93.**

- Anu-anong hamon ang nakaharap ni Pangulong Young sa pamumuno sa mga Banal patungong Lambak ng Salt Lake? (Tingnan sa *Ang Ating Pamana,* 83–89.)
- Sa Winter Quarters noong Enero 1847, nakatanggap si Pangulong Brigham Young ng isang paghahayag hinggil sa paglalakbay ng mga Banal patungong kanluran. Ang paghahayag na ito ay nakatala sa D at T 136. Paano magagamit sa inyong buhay ang mga tagubilin sa paghahayag na ito?
- Ano ang inyong nadarama kapag isinasaalang-alang ninyo ang pananampalataya at sakripisyong ipinamana sa inyo ng mga tagabunsod at ng iba pang mga Banal? Paano ninyo maipapasa ang ganitong uri ng pamana sa mga susunod sa inyo?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Mga Paglalakbay sa mga Lupang Pangako**

1 Nephi 2:19–20
1 Nephi 17:13–14
Eter 1:39–42
D at T 136:1–2
D at T 136:22

## “Misyon ng Pagliligtas” 35

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 4:4–7; 18:10–16; 52:40; 81:5–6; Moroni 7:45–48; *Ang Ating Pamana,* mga pahina 77–80.**

Basahin ang salaysay tungkol sa mga pangkat nina Martin at Willie na humihila ng kariton, sa mga pahina 93–96 ng *Ang Ating Pamana.* Nang mabalitaan ni Pangulong Brigham Young ang kalagayan ng mga pangkat na ito na humihila ng kariton, nagpadala siya ng mga kalalakihan upang sagipin sila.

- Ano ang ilang natatanging bagay na magagawa ninyo upang sagipin ang mga nangangailangan ngayon? (Tingnan sa D at T 18:10–16; 52:40; 81:5–6; 3 Nephi 18:31–32.)
- Anu-ano ang ilang katangiang kailangan natin upang tumulong sa ibang tao? (Tingnan sa D at T 4:4–7; Moroni 7:45–48.)

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Pagsagip sa mga Nangangailangan**

| | |
|---|---|
| Lucas 15:1–7 | D at T 81:5–6 |
| 3 Nephi 18:31–32 | D at T 123:12 |
| D at T 18:10–16 | |

## “Ang Ilang ay Magagalak, at Mamumulaklak na Gaya ng Rosas” 36

**Takdang babasahin: *Ang Ating Pamana,* mga pahina 97–115.**

Noong ika-28 ng Hulyo 1847, apat na araw mula nang dumating sa Lambak ng Salt Lake, tumayo si Pangulong Brigham Young sa mismong lugar na kinatatayuan ngayon ng Templo sa Salt Lake. Itinusok niya ang kanyang tungkod sa lupa at sinabing, “Dito mismo itatayo ang templo ng ating Diyos” (ni Wilford Woodruff, sa *Deseret Evening News,* ika-25 ng Hulyo 1888, 2). Sa loob ng isang linggo, sinimulang sukatin ng mga Banal ang lupain ng bagong lungsod, na ang templo ang siyang sentro ng sukatan.

- Bakit nararapat maging sentro ng ating buhay ang templo ngayon?
- Inabot ng 40 taon ang pagtatayo ng Templo sa Salt Lake. Ano ang matututuhan natin sa pagtitiyaga ng mga Banal habang itinatayo nila ang templo?
- Basahin ang *Ang Ating Pamana,* mga pahina 98–101. Anu-anong katangian ang tumulong sa mga Banal upang mapaglabanan ang nakaharap nilang mahihirap na pagsubok sa mga unang taon nila sa Lambak ng Salt Lake? Anu-anong kalagayan sa buhay ninyo ngayon ang maaaring mangailangan ng gayon ding mga katangian?
- Saan-saang dako ng daigdig ipinangaral ng mga Banal ang ebanghelyo noong kapanahunan ng pangangasiwa nina Pangulong Brigham Young at John Taylor?

(Tingnan sa *Ang Ating Pamana,* 101–4, 111–15.) Anu-anong sakripisyo ang ginawa ng mga sinaunang Banal na ito upang maibahagi ang ebanghelyo sa mga tao sa buong daigdig?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Mga Biyaya ng Pagsunod**

| | |
|---|---|
| D at T 64:34 | D at T 93:1 |
| D at T 89:18–21 | D at T 130:19–21 |

## "Salamat, O Diyos, sa Propeta" 37

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 21; 43:1–7; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9; *Ang Ating Pamana,* pahina 158.**

- Bakit kailangan natin ng buhay na propeta ngayon? Ano ang ilang tungkuling ginagampanan ng Pangulo ng Simbahan? (Tingnan ang mga magkakaugnay na banal na kasulatan para sa araling ito.)
- Basahin ang D at T 21:4–6. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa responsibilidad nating pakinggan ang Pangulo ng Simbahan? Paano kayo nabiyayaan sa pagsunod ninyo sa payo ng propeta?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Mga Tungkuling Ginagampanan ng Propeta**

| | |
|---|---|
| Mosias 8:13–18 | D at T 21:1–5 |
| Mosias 13:33 | D at T 43:2–3 |
| D at T 1:38 | D at T 68:3–4 |
| D at T 20:21–26 | D at T 107:91–92 |

## "Sa Aking Sariling Pamamaraan" 38

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 38:30; 42:30–31; 42; 58:26–28; 104:13–18; *Ang Ating Pamana,* mga pahina 130–32, 135–38.**

- Ano ang ibig sabihin ng pagtitiwala sa sariling kakayahan sa mga bagay na espirituwal? Paano kayo magkakaroon ng higit na pagtitiwala sa sariling kakayahan sa mga bagay na espirituwal?
- Ano ang ibig sabihin ng pagtitiwala sa sariling kakayahan sa mga bagay na temporal? Paano kayo magkakaroon ng higit na pagtitiwala sa sariling kakayahan sa mga bagay na temporal?
- Ano ang magagawa ninyo upang magkaroon ng higit na pagtitiwala sa sariling kakayahan sa inyong pananalapi? Anu-anong gawi ang nakatulong sa inyo upang makaiwas sa pagkakautang o makaahon sa pagkakautang?
- Basahin ang D at T 42:30–31; 44:6; 52:40; 56:16; 88:123; 104:18. Anu-ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa pagkalinga sa mga nangangailangan? Ano ang "sariling pamamaraan" ng Panginoon sa paglalaan para sa mga maralita? (Tingnan sa D at T 104:13–18.) Paano kayo pinagpapala kapag nagbibigay kayo sa ibang nangangailangan?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Kahalagahan ng Paggawa**

II Mga Taga Tesalonica 3:10–12
D at T 56:17
D at T 42:42
D at T 88:124
D at T 58:27

## 39 “Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob sa Kanilang mga Ama”

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 2; 110:13–16;138; Joseph Smith—Kasaysayan 1:37–39; *Ang Ating Pamana,* mga pahina 119–20, 122–23, 127–29.**

- Noong ika-3 ng Abril 1836 sa Templo sa Kirtland, nagpakita ang Propetang si Elijah kina Joseph Smith at Oliver Cowdery. Ano ang layunin ni Elijah sa pagdalaw kina Joseph at Oliver? (Tingnan sa D at T 110:13–16; tingnan din sa D at T 2; Joseph Smith—Kasaysayan 1:38–39.)
- Noong 1894 tumanggap si Pangulong Wilford Woodruff ng isang paghahayag mula sa Panginoon tungkol sa gawaing pangtalaangkanan (*Ang Ating Pamana,* 122–23). Ano ang itinuturo ng paghahayag na ito tungkol sa mga mag-anak? Paano nakatutulong ang paghahayag na ito sa pagsasakatuparan ng propesiya tungkol sa pagbabalik-loob ng mga puso ng mga anak sa kanilang mga ama?
- Noong Oktubre 1918, tumanggap si Pangulong Joseph F. Smith ng paghahayag tungkol sa pagtubos sa mga patay (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138). Ano ang natututuhan ninyo sa paghahayag na ito?
- Noong Abril 1998, ipinahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang layuning magkaroon ng 100 templong magagamit sa pagtatapos ng siglo. Paano kayo naapektuhan ng pagdaming ito ng mga itinatayong templo? Paano maaapektuhan ng pagkakaroon ng mas maraming templo ang mga namatay na hindi nakatanggap ng ebanghelyo?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Gawain sa Templo para sa mga Patay**

I Ni Pedro 4:6
D at T 2
D at T 110:13–16
D at T 138:32–34
Joseph Smith—Kasaysayan 1:38–39

## 40 Pagkakaroon ng Kagalakan sa Gawain sa Templo at Kasaysayan ng Mag-anak

**Ang layunin ng araling ito ay makahikayat ng pakikibahagi sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak. Dumating sa klase nang handa upang talakayin ang mga paraan para sa ibayong pakikilahok sa paggawa ng gawain sa kasaysayan ng mag-anak.**

- Anu-ano ang ilang bagay na nagawa ninyo upang makibahagi sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak?

- Isang paraan upang makibahagi sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak ay ang magkaroon ng rekomendasyon sa templo na may bisa sa kasalukuyan at dumalo nang madalas sa templo. Anu-anong biyaya ang matatanggap ninyo sa pamamagitan ng pagkakaroon ng rekomendasyon sa templo at pagdalo rito?
- Paano nakatutulong sa inyo ang pag-iingat ng isang talaarawan o pansariling kasaysayan na makibahagi sa kasaysayan ng mag-anak?
- Paano kayo higit na makakalahok sa gawain sa templo para sa mga yumao ninyong kamag-anakan?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Kahalagahan ng Pag-iingat ng Talaan**

Malakias 3:16–18
D at T 85:9
D at T 128:7
Moises 6:5–8, 46
Abraham 1:31

## "Bawat Miyembro ay Misyonero" 41

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 1:4–5, 30; 65; 109:72–74; 123:12; *Ang Ating Pamana,* mga pahina 140–42, 150–51.**

- Basahin ang D at T 1:30. Sa paanong paraan maipapakikita ang Simbahan mula sa pagkakatago sa kadiliman sa buong daigdig?
- Basahin ang D at T 1:4–5 at 88:81. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa ating responsibilidad na ibahagi ang ebanghelyo?
- Ano ang magagawa ninyo upang makatulong sa gawaing misyonero? Ano ang ilang paraan upang maibahagi ninyo ang ebanghelyo sa iba bilang bahagi ng inyong pang- araw-araw na buhay?
- Ano ang magagawa ninyo upang mapalakas ang mga bagong binyag? Paano ninyo nakita na mabisang naisagawa ito ng mga miyembro?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Maipakita ang Simbahan mula sa Pagkakatago sa Kadiliman**

D at T 1:30
D at T 65:1–6
D at T 109:72–74
D at T 115:4–6

## Patuloy na Paghahayag sa mga Propeta sa mga Huling Araw 42

**Takdang babasahin: D at T 1:38; 68:1–4; 84:109–10; 107:25, 34, 93–98; 132:8; Opisyal na Pahayag 2 (mga pahina 418–420 sa Doktrina at mga Tipan); *Ang Ating Pamana,* mga pahina 142–44, 151–54.**

Ang mga miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga propeta, tagakita, at tagapaghayag sa mga huling-araw. Patuloy silang tumatanggap ng paghahayag upang gabayan ang Simbahan. Tinatalakay ng araling ito ang ilang halimbawa ng patuloy na paghahayag upang gabayan ang Simbahan.

- Basahin ang *Ang Ating Pamana,* mga pahina 142–44. Bakit mahalagang maunawaan na umiiral ang mga pantulong na samahan, programa, at gawain sa Simbahan upang suportahan ang mag-anak? Paano napalakas ng mga samahan at gawain sa Simbahan ang inyong mag-anak?
- Basahin ang Opisyal na Pahayag 2. Paano naging pagpapala sa Simbahan ang paghahayag na ito? Ano ang matututuhan natin mula sa prosesong pinagdaanan ni Pangulong Kimball bago natanggap ang pahayag na ito? (Tingnan sa *Ang Ating Pamana,* 152.)
- Ano ang mga responsibilidad ng Pitumpu? (Tingnan sa D at T 107:25, 34.) Basahin ang D at T 107:93–97. Paano tumutugon ang pagkakalikha ng karagdagang mga Korum ng Pitumpu sa mga tagubilin sa paghahayag na ito?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Pagsunod sa Propeta**

D at T 1:38
D at T 21:4–6
D at T 28:2–7
D at T 43:2–3
D at T 112:20

---

## "Magsuot Kayo ng Aking Buong Kasuotan" 43

**Takdang babasahin: Pag-aralan ang mga talata sa mga banal na kasulatan na nakalista sa sumusunod na mga tanong at sa magkakaugnay na banal na kasulatan. Repasuhin din ang polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan* (34285 893).**

- Basahin ang D at T 76:25–29 at Moises 4:3. Sino ang mga pinuno ng dalawang puwersang kasangkot sa Digmaan sa Langit, at ano ang kanilang mga layunin? Paano tayo kasangkot sa labanang tulad nito sa mundo ngayon? (Tingnan sa D at T 76:29; Moises 4:4.)
- Basahin ang D at T 27:15–18. Anong baluti ng Panginoon ang inilalarawan sa mga talatang ito? Ano ang magagawa ninyo upang maisuot ang "buong baluti" ng Diyos?
- Ano ang batas ng Panginoon sa kalinisang-puri? (Tingnan sa D at T 42:22–24; 59:6; 63:16.) Paano tayo pinagpapala habang ipinamumuhay natin ang batas ng kalinisang-puri? (Tingnan sa D at T 121:45–46.)
- Basahin ang D at T 42:21; 51:9; 97:8. Bakit mahalagang maging matapat sa lahat ng aspeto ng ating buhay? Ano ang ibig sabihin ng maging matapat sa Panginoon? Ano ang ibig sabihin ng maging matapat sa inyong sarili?
- Ano ang kautusan ng Panginoon hinggil sa kung paano natin ginagamit ang Kanyang pangalan? (Tingnan sa D at T 63:60–62; 136:21.) Anu-anong uri ng pananalita ang dapat nating iwasan? Anong uri ng pananalita ang nanaisin ng Panginoon na gamitin natin? (Tingnan sa D at T 52:16; 136:24; Mga Taga Efeso 4:29.)

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Ang Buong Baluti ng Diyos**

Mga Taga Roma 13:12
Mga Taga Efeso 6:11–17
2 Nephi 1:23
D at T 27:15–18

## Pagiging Mabubuting Mamamayan 44

**Takdang babasahin: D at T 58:21–22, 26–28; 98:4–10; 134; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:12; *Ang Ating Pamana,* pahina 161.**

Hinihikayat tayo ng mga pinuno ng Simbahan na maging mabubuting mamamayan at palakasin ang ating mga komunidad at bansa. Maraming paraan upang maging mabubuting mamamayan. Kinabibilangan ito ng pakikilahok sa mga proseso ng pamahalaan o ng pulitika, pagsunod sa batas, at paglilingkod sa ating pamayanan.

- Ano ang mga layunin ng mga pamahalaang sibil? (Tingnan sa D at T 134:1, 6–8, 11.) Ano ang magagawa ninyo bilang mamamayan upang makatulong na isakatuparan ang mga layuning ito ng pamahalaan?
- Ano ang ating responsibilidad hinggil sa mga batas ng lupain? (Tingnan sa D at T 58:21–22; 98:4–6; 134:5–6; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:12.) Paano matuturuan ng mga magulang, guro, at pinuno, ang mga bata na sundin ang mga batas ng lupain?
- Paano natin dapat pakitunguhan ang mga naglilingkod sa publiko tulad ng mga opisyal na tagapagpatupad ng batas at iba pang pinunong sibil? (Tingnan sa D at T 134:3, 6.) Paano ninyo maipakikita ang inyong pasasalamat para sa kanilang mga pagsisikap?
- Basahin ang D at T 58:27. Paano kayo magiging "sabik sa paggawa" sa mabubuting adhikain sa pamayanan?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Pagiging Responsableng Mamamayan**

Mateo 22:21
I Kay Timoteo 2:1–2
D at T 58:21–22
D at T 134:1
Mga Saligan ng Pananampalataya 1:12

## "Ang Mag-anak ay Inordena ng Diyos" 45

**Takdang babasahin: "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" (mga pahina 30–31 ng gabay sa pag-aaral na ito.)**

- Basahin ang pamagat, ang pang-ilalim na pamagat, at ang unang dalawang talata ng pagpapahayag hinggil sa mag-anak. Ano ang nangyayari sa ating sariling mag-anak, pamayanan, at bansa na nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa payo at babalang ito mula sa mga propeta ng Diyos?
- Basahin ang pangatlong talata ng pagpapahayag. Ano ang itinuturo ng talatang ito hinggil sa layunin ng buhay sa mundo? Paano makatutulong ang inyong karanasan sa mundo sa inyong walang-hanggang pag-unlad?
- Basahin ang ikaanim na talata ng pagpapahayag. Ano ang magagawa ng mga mag-asawa upang patibayin ang kanilang pagmamahalan sa isa't isa? Paano pinagpapala ang mga anak kung may mga magulang silang nagmamahalan at nagmamalasakit sa isa't isa?

- Ano ang magagawa natin bilang indibiduwal at mga mag-anak upang palaganapin ang mas matatatag na mag-anak sa ating sariling pamayanan?

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: Kahalagahan ng Pagtuturo sa mga Anak**

Isaias 54:13
1 Nephi 1:1
Mosias 4:14–15
D at T 68:25
D at T 93:40

## "Sion—Ang may Dalisay na Puso" 46

**Takdang babasahin: Doktrina at mga Tipan 57:1–3; 64:33–43; 97:8–28; 105:1–12; Moises 7:12–19, 61–63, 68–69; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10; *Ang Ating Pamana,* mga pahina 43–45, 173–75.**

- Anu-ano ang ilan sa mga gamit ng salitang *Sion* sa mga banal na kasulatan? (Para sa ilang halimbawa, tingnan sa II Samuel 5:6–7; I Mga Hari 8:1; Sa Mga Hebreo 12:22–23; D at T 45:66–67; 57:1–2; 82:14; 97:21; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10; Moises 7:19. Pansinin na ang araling ito ay magtutuon ng pansin sa Sion bilang samahang binuo ng mga taong naging dalisay ang puso sa pamamagitan ng ebanghelyo ni Jesucristo.)
- Ano ang mga katangian ng Sion noong kapanahunan ni Enoc? (Tingnan sa Moises 7:12–19.) Bakit tinawag na Sion ang kanilang lungsod? (Tingnan sa Moises 7:18.) Ano ang ibig sabihin ng maging "may isang puso at isang isipan"?
- Bakit hindi naitayo ng mga naunang Banal ang lungsod ng Sion? (Tingnan sa D at T 101:6–8; 105:1–12.) Ano ang matututuhan natin mula sa kanilang karanasan na makatutulong sa ating maitayo ang Sion ngayon?
- Basahin ang D at T 82:14–15. Ano ang iniutos ng Panginoon sa mga talatang ito? Anu- ano ang ilang natatanging bagay na magagawa ninyo upang maitayo ang Sion?

Mag-isip ng ilang pinakamakabuluhang turong naaalaala ninyo mula sa pag-aaral ng Doktrina at mga Tipan at kasaysayan ng Simbahan sa taong ito. Ilan sa mga paraang makatutulong na maalala ito ay kinabibilangan ng pagbabalik-tanaw sa pamamagitan ng gabay sa pag-aaral na ito, pagrerepaso ng magkakaugnay na banal na kasulatan, pag-alaala sa mga paboritong kuwento mula sa *Ang Ating Pamana,* o pagbuklat sa mga pahina ng Doktrina at mga Tipan upang tingnan ang mga talatang inyong minarkahan.

Mag-ukol ng ilang minuto upang isulat sa inyong talaarawan ang mga makabuluhang turong ito. Isulat ang natutuhan ninyo mula sa mga turong ito tungkol sa kung paano itayo ang Sion.

**Magkakaugnay na Banal na Kasulatan: "Sion—Ang May Dalisay na Puso"**

Mateo 5:8
D at T 50:28
D at T 97:21
D at T 100:16
D at T 101:17–18

# ANG MAG-ANAK

## ISANG PAGPAPAHAYAG SA MUNDO

*Ang Unang Panguluhan at Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*

Kami, ang Unang Panguluhan at ang Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay taimtim na nagpapahayag na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inordena ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang-hanggang tadhana ng Kanyang mga anak.

Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at, bilang gayon, bawat isa ay may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos. Ang kasarian ay isang mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan.

Sa buhay bago pa ang buhay sa mundo, kilala at sinamba ng mga espiritung anak na lalaki at anak na babae ang Diyos bilang kanilang Ama at tinanggap ang Kanyang plano na naglaan sa Kanyang mga anak na magkamit ng pisikal na katawan at magtamo ng karanasan sa mundo upang umunlad patungo sa kaganapan at sa huli ay makamtan ang kanilang banal na tadhana bilang tagapagmana ng buhay na walang hanggan. Ang plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang buhay. Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga taong makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan.

Ang unang kautusan na ibinigay ng Diyos kina Adan at Eva ay tungkol sa kanilang posibilidad bilang mag-asawa na maging magulang. Ipinahahayag namin na ang kautusan ng Diyos na magpakarami at kalatan ang lupa ay nananatiling may bisa. Amin pang karagdagang ipinahahayag na ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae, na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas.

Ipinahahayag namin na ang paraan ng paglikha ng buhay na mortal ay itinakda ng Diyos. Pinagtitibay namin ang kabanalan ng buhay at ang kahalagahan nito sa walang hanggang plano ng Diyos.

Ang mag-asawa ay may banal na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak. ‘Ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon’ (Mga Awit 127:3). Ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, maglaan para sa kanilang pisikal at espirituwal na mga pangangailangan, turuan silang magmahal at maglingkod sa isa’t isa, sundin ang mga kautusan ng Diyos at maging masunurin sa batas saanman sila naninirahan. Ang mga mag-asawa—ang mga ina at ama—ay pananagutin sa harap ng Diyos sa kanilang pagtupad sa mga tungkuling ito.

Ang mag-anak ay inordena ng Diyos. Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at babae ay mahalaga sa Kanyang walang hanggang plano. Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal. Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo. Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at mga kapaki-pakinabang na gawaing panlibangan. Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan ng mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak. Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga ng kanilang mga anak. Sa mga banal na tungkuling ito, ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan. Ang pagkakaroon ng kapansanan, kamatayan, o iba pang kalagayan ay maaaring magpabago sa mga takdang tungkulin ng bawat isa sa pagkalinga sa mag-anak. Ang mga kamag-anak ay dapat magbigay ng tulong kung kinakailangan.

Kami ay nagbababala sa mga taong lumalabag sa mga tipan ng kalinisang-puri, nagmamalabis sa asawa o anak, o bigo sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa mag-anak, na balang-araw sila ay pananagutin sa harap ng Diyos. At gayon din, kami ay nagbababala na ang pagkakawatak-watak ng mag-anak ay magdudulot sa mga tao, mga komunidad, at mga bansa ng mga kapahamakang sinabi na noon pa ng mga sinauna at makabagong propeta.

Kami ay nananawagan sa mga may-pananagutang mamamayan at mga pinuno ng gobyerno sa lahat ng dako na magtatag ng mga pamamaraan upang mapanatili at mapalakas ang mag-anak bilang ang pangunahing yunit ng lipunan.

---

Ang pagpapahayag na ito ay binasa ni Pangulong Gordon B. Hinckley bilang bahagi ng kanyang mensahe sa Pangkalahatang Pulong ng Samahang Damayan (General Relief Society Meeting) na ginanap noong ika-23 ng Setyembre 1995, sa Lungsod ng Salt Lake, Utah.

**1805, Disyembre 23**
Isinilang si Joseph Smith kina Joseph Smith Sr. at Lucy Mack Smith sa Sharon, Vermont (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:3–4).

**1820, Mga Unang Araw ng Tagsibol**
Natanggap ni Joseph Smith ang Unang Pangitain sa isang kakahuyan malapit sa kanyang tirahan sa estado ng New York (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–20).

**1823, Setyembre 21–22**
Dinalaw ng anghel na si Moroni si Joseph Smith at sinabihan tungkol sa Aklat ni Mormon. Nakita ni Joseph ang mga laminang gintong nakalagak sa isang malapit na burol (Cumorah) (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:27–54).

**1827, Setyembre 22**
Tinanggap ni Joseph Smith ang mga laminang ginto mula kay Moroni sa Burol ng Cumorah (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:59).

**1829, Mayo 15**
Iginawad ni Juan Bautista ang Pagkasaserdoteng Aaron kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Harmony, Pennsylvania (tingnan sa D at T 13; Joseph Smith—Kasaysayan 1:71–72).

**1829, Mayo**
Tinanggap nina Joseph Smith at Oliver Cowdery ang Pagkasaserdoteng Melquisedec mula kina Pedro, Santiago, at Juan malapit sa Ilog Susquehanna sa pagitan ng Harmony, Pennsylvania, at Colesville, New York (tingnan sa D at T 128:20).

**1829, Hunyo**
Natapos ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon. Ipinakita sa Tatlong Saksi at Walong Saksi ang mga laminang ginto (tingnan sa 2 Nephi 11:3; 27:12–13; D at T 17).

**1830, Marso 26**
Nagkaroon ng mga unang limbag na kopya ng Aklat ni Mormon sa Palmyra, New York.

**1830, Abril 6**
Pagtatatag ng Simbahan sa Fayette, New York.

**1830, Setyembre–Oktubre**
Tumawag ng mga unang misyonero na mangangaral sa mga Lamanita (Mga Katutubong Amerikano) (tingnan sa D at T 28:30; 32).

**1830, Disyembre hanggang 1831, Enero**
Inutusan ng Panginoon ang mga Banal na magtipon sa Ohio (tingnan sa D at T 37; 38:31–32).

**1831, Hulyo 20**
Ang lugar para sa lungsod ng Sion (ang Bagong Jerusalem) sa Independence, Missouri, inihayag kay Propetang Joseph Smith (tingnan sa D at T 57; Mga Saligan ng Pananampalataya).

**1833, Marso 18**
Itinalaga sina Sidney Rigdon at Frederick G. Williams bilang mga Tagapayo sa Panguluhan ng Simbahan at pinagkalooban ng mga susi ng kaharian (tingnan sa ulo ng D at T 81 at 90; tingnan din sa D at T 90:6).

**1833, Nobyembre 7**
Nagsimulang tumakas ang mga Banal mula sa mga mandurumog sa Jackson County, Missouri, patawid sa Ilog ng Missouri at patungong Clay County, Missouri.

**1834, Mayo 5**
Nilisan ni Joseph Smith ang Kirtland, Ohio, patungong Missouri bilang pinuno ng Kampo ng Sion upang magdala ng tulong sa mga Banal na sapilitang pinaalis sa Jackson County.

**1835, Pebrero 14**
Itinatag ang Korum ng Labindalawang Apostol sa Kirtland, Ohio (tingnan sa D at T 107:23–24).

**1835, Pebrero 28**
Nagsimula ang pagtatatag ng Unang Korum ng Pitumpu sa Kirtland, Ohio.

**1835, Agosto 17**
Tinanggap bilang pamantayang banal na kasulatan ng Simbahan ang Doktrina at mga Tipan sa Kirtland, Ohio.

**1836, Marso 27**
Inilaan ang Templo sa Kirtland (tingnan sa D at T 109).

**1836, Abril 3**
Nagpakita si Jesucristo kina Joseph Smith at Oliver Cowdery sa Templo ng Kirtland (tingnan sa D at T 110:1–10). Nagpakita sina Moises, Elias, at Elijah at ipinagkatiwala ang mga susi ng pagkasaserdote (tingnan sa D at T 110:11–16).

**1837, Hulyo 19**
Dumating sa Liverpool, England sina Elder Heber C. Kimball at anim na iba pa, sa kauna- unahang misyon sa ibayong dagat.

**1838, Abril 26**
Binanggit sa pamamagitan ng paghahayag ang pangalan ng Simbahan (tingnan sa D at T 115:4).

**1838, Disyembre 1 hanggang 1839, Abril 16**
Ikinulong si Propetang Joseph Smith at iba pa sa Bilangguan ng Liberty sa Liberty, Missouri (tingnan sa D at T 121–23).

**1840, Agosto 15**
Ipinahayag sa publiko ni Propetang Joseph Smith ang tungkol sa pagbibinyag sa mga patay.

**1841, Oktubre 24**
Inilaan ni Elder Orson Hyde ang Palestina para sa pagbabalik ng mga anak ni Abraham.

Itinatag ang Samahang Damayan ng mga kababaihan sa Nauvoo, Illinois.

**1842, Mayo 4**
Ipinagkaloob sa Nauvoo, Illinois ang mga unang buong endowment sa templo.

**1844, Hunyo 27**
Pinaslang sina Joseph at Hyrum Smith sa Bilangguan ng Carthage sa Carthage, Illinois (tingnan sa D at T 135).

**1846, Pebrero 4**
Nagsimulang tumawid ng Ilog Mississippi ang mga Banal sa Nauvoo upang magtungo sa kanluran. May ilang Banal na naglayag mula Lungsod ng New York patungong California sakay ng barkong *Brooklyn*.

**1846, Hulyo 16**
Nagtipon sa Iowa ang Batalyon ng Mormon upang maglingkod sa hukbo ng Estados Unidos.

**1847,**
Nilisan ng tagabunsod na samahan ni Pangulong Brigham Young ang Winter Quarters sa kanilang paglalakbay pakanluran (tingnan sa D at T 136).

**1847, Hulyo 24**
Pumasok sa Lambak ng Salt Lake si Pangulong Brigham Young.

**1847, Disyembre 27**
Sinang-ayunan si Brigham Young bilang Pangulo ng Simbahan.

**1848, Mayo–Hunyo**
Sinalanta ng mga balang ang mga pananim sa Lambak ng Salt Lake. Nailigtas mula sa ganap na pagkasira ang mga bukirin nang kainin ng mga kawan ng ibong-dagat ang mga balang.

**1849, Disyembre 9**
Itinatag ni Richard Ballantyne ang Panlinggong Paaralan.

**1850, Hunyo 15**
Nagsimula ang paglalathala ng *Deseret News* sa Lungsod ng Salt Lake.

**1856, Oktubre**
Naantala ng maagang unos ng niyebe ang mga pangkat nina Willie at Martin na may hilang mga kariton. Natagpuan ng mga tagaligtas mula sa Lungsod ng Salt Lake.

**1869, Nobyembre 28**
Binuo ang Samahan ng mga Kabataang Babae para sa Pagtitipid, ang sinundang programang Mga Kabataang Babae.

**1875, Hunyo 10**
Binuo ang Samahan para sa Kapwa Ikauunlad ng mga Kabataang Lalaki, ang sinundan ng programang Kabataang Lalake.

**1877, Abril 6**
Inilaan ang Templo sa St. George. Natanggap ni Pangulong Brigham Young ang paghahayag na isaayos ang samahan ng pagkasaserdote at ang mga istaka ng Sion.

**1878, Agosto 25**
Idinaos ni Aurelia Spencer Rogers ang kauna-unahang pulong ng Primarya sa Farmington, Utah.

**1880, Oktubre 10**
Sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan si John Taylor. Tinanggap ang Mahalagang Perlas bilang pamantayang banal na kasulatan.

**1883, Abril 14**
Ibinigay kay Pangulong John Taylor ang paghahayag hinggil sa pagbuo ng Pitumpu.

**1889, Abril 7**
Sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan si Wilford Woodruff.

**1890, Oktubre 6**
Sinang-ayunan ang "Pahayag" sa pangkalahatang komperensiya na nagpahinto sa gawaing pakikilahok sa pag-aasawa nang maramihan (tingnan sa Opisyal na Pahayag 1).

**1893, Abril 6**
Inilaan ni Pangulong Wilford Woodruff ang Templo sa Salt Lake matapos ang 40 taong paggawa.

**1898, Setyembre 13**
Naging Pangulo ng Simbahan si Lorenzo Snow.

**1899, Mayo 17**
Nakatanggap ng paghahayag si Pangulong Lorenzo Snow sa St. George, Utah na nag-udyok sa kanyang bigyang-diin ang ikapu.

**1901, Oktubre 17**
Naging Pangulo ng Simbahan si Joseph F. Smith.

**1918, Oktubre 3**
Natanggap ni Joseph F. Smith ang pangitain hinggil sa pagtutubos sa mga patay (tingnan sa D at T 138).

**1918, Nobyembre 23**
Naging Pangulo ng Simbahan si Heber J. Grant.

**1936, Abril**
Itinatag ang Programang Pangseguridad ng Simbahan upang tulungan ang mahihirap noong panahon ng Matinding Taghirap; naging programang pangkapakanan ng Simbahan. Ang programang ito ay nagmula sa isang paghahayag na naunang natanggap ni Pangulong Heber J. Grant.

**1941, Abril 6**
Tinawag sa unang pagkakataon ang mga Katuwang ng Labindalawa.

**1945, Mayo 21**
Naging Pangulo ng Simbahan si George Albert Smith.

**1951, Abril 9**
Sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan si David O. McKay.

**1961, Setyembre 30**
Sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan, inihayag ni Elder Harold B. Lee na lahat ng programa ng Simbahan ay dapat iugnay sa pamamagitan ng pagkasaserdote upang palakasin ang mga mag-anak at bawat tao.

**1964, Oktubre**
Binigyang-diin ang pagdaraos ng gabing pantahanan ng mag-anak.

**1970, Enero 23**
Naging Pangulo ng Simbahan si Joseph Fielding Smith.

**1971, Enero**
Nagsimulang ilathala ang mga bagong magasin ng Simbahan—Ensign, New Era, at Friend.

**1972, Hulyo 7**
Naging Pangulo ng Simbahan si Harold B. Lee

**1973, Disyembre 30**
Naging Pangulo ng Simbahan si Spencer W. Kimball.

**1975, Oktubre 3**
Inihayag ni Pangulong Spencer W. Kimball ang pagsasaayos sa Unang Korum ng Pitumpu.

**1976, Abril 3**
Dalawang paghahayag ang idinagdag sa Mahalagang Perlas. Inilipat ang mga ito noong 1981 at naging D at T 137 at 138.

**1978, Setyembre 30**
Sinang-ayunan ng Simbahan ang paghahayag na nagkakaloob ng pagkasaserdote sa lahat ng karapat-dapat na lalaking miyembro anuman ang lahi o kulay (tingnan sa Opisyal na Pahayag 2).

**1979, Setyembre**
Inilathala ang BHA na edisyon ng Bibliang King James.

**1981, Setyembre**
Inilathala ang mga bagong edisyon ng Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas.

**1984, Hunyo**
Pormal na sinimulan ang mga Panguluhan ng Pook, na ang mga miyembro ay tinawag mula sa Pitumpu.

**1985, Nobyembre 10**
Naging Pangulo ng Simbahan si Ezra Taft Benson.

**1989, Abril 1**
Isinaayos ang Ikalawang Korum ng Pitumpu.

**1994, Hunyo 5**
Naging Pangulo ng Simbahan si Howard W. Hunter.

**1995, Marso 12**
Naging Pangulo ng Simbahan si Gordon B. Hinckley.

**1995, Abril 1**
Inihayag ang bagong katungkulan na tatawaging Awtoridad ng Pook.

**1995, Setyembre 23**
Binasa ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," mula sa Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol na isinagawa sa isang pangkalahatang pulong ng Samahang Damayan.

**1997, Abril 5**
Oordenan ang mga Awtoridad ng Pook bilang Pitumpu. Binuo ang Pangalawa, Pang-apat, at Panlimang Korum ng Pitumpu.

**1997, Oktubre 4**
Ipinahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang mga plano hinggil sa pagtatayo ng mga higit na maliliit na templo.

**1997, Nobyembre**
Umabot sa 10 milyon ang bilang ng mga miyembro ng Simbahan.

**1998, Abril 5**
Ipinahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang layuning pagkakaroon ng 100 magagamit na templo sa taong 2000.

## Mapa 1: Ang Pook na New York, Pennsylvania, at Ohio ng Estados Unidos




1. **Timog Bainbridge.** Ikinasal dito sina Joseph Smith Jr. at Emma Hale noong ika-18 ng Enero 1827 (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:57).

2. **Colesville.** Itinatag ang isa sa mga unang sangay ng Simbahan sa tahanan ni Joseph Knight Sr., sa Colesville Township, noong 1830.

3. **Tahanan ni Joseph Smith Jr. sa Harmony.** Natapos dito ang karamihan sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon. Sa pampang ng Ilog ng Susquehanna ipinanumbalik ang pagkasaserdote noong 1829 (tingnan sa D at T 13; 128:20; Joseph Smith—Kasaysayan 1:71–72).

4. **Fayette.** Nakita rito ng Tatlong Saksi ang mga laminang ginto at ang anghel na si Moroni (tingnan sa D at T 17). Natapos dito ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon noong Hunyo 1829. Dito itinatag ang Simbahan noong ika-6 ng Abril 1830 (tingnan sa D at T 20–21).

5. **Mendon.** Nanirahan dito sina Brigham Young at Heber C. Kimball noong una nilang marinig ang ipinanumbalik na ebanghelyo.


6. **Kirtland.** Tumigil dito noong 1830 ang mga misyonerong ipinadala sa mga Lamanita at bininyagan si Sidney Rigdon at iba pa sa pook na ito. Ang Kirtland ang punong-himpilan ng Simbahan mula noong mga unang araw ng Pebrero 1831 hanggang ika-12 ng Enero 1838. Itinayo rito ang unang templo ng dispensasyong ito at inilaan noong ika-27 ng Marso 1836 (tingnan sa D at T 109).

7. **Kanal ng Erie.** Naglayag ang tatlong sangay ng Simbahan sa New York sa pamamagitan ng Kanal ng Erie at Lawa ng Erie patungong Kirtland, Ohio, noong Abril at Mayo 1831.

8. **Hiram.** Nanirahan dito sina Joseph at Emma mula Setyembre 1831 hanggang Setyembre 1832. Ginawa nina Joseph at Sidney Rigdon ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia. Ang mga paghahayag na tinanggap dito: D at T 1, 65, 67–69, 71, 73–74, 76–81, 99, at 133.

9. **Amherst.** Dito sinang-ayunan si Joseph Smith bilang Pangulo ng Mataas na Pagkasaserdote noong ika-25 ng Enero 1832 (tingnan sa History of the Church, 1:243; tingnan din sa ulo ng D at T 75).

10. **Toronto.** Tahanan ni John Taylor, na naging pangatlong Pangulo ng Simbahan, at Mary Fielding, na nang malaon ay naging asawa ni Hyrum Smith.




1. **Independence.** Tinukoy ng Panginoon ang Independence bilang sentro ng Sion noong Hulyo 1831 (tingnan sa D at T 57:2–3). Inilaan dito noong ika-3 ng Agosto 1831 ang pagtatayuan ng templo. Sapilitang pinaalis ng mga mandurumog ang mga Banal mula sa Independence at Jackson County noong Nobyembre 1833.

2. **Fishing River.** Naglakbay si Joseph Smith at ang Kampo ng Sion mula sa Kirtland, Ohio, patungong Missouri noong 1834 upang maipanumbalik ang mga Banal ng Jackson County sa kanilang lupain. Inihayag sa mga pampang ng ilog na ito ang D at T 105.

3. **Far West.** Isang kanlungan ang itinayo rito para sa mga Banal mula 1836 hanggang 1838. Naging punong-tanggapan ito ng Simbahan noong dakong 1838. Inilaan dito ang isang lugar na pagtatayuan ng templo (tingnan sa D at T 115). Noong ika-8 ng Hulyo 1838, nakatanggap ng tawag mula sa Panginoon ang Korum ng Labindalawa na magmisyon sa ibayong dagat (tingnan sa D at T 118). Noong 1838–39, napilitang lumikas patungong Illinois ang mga Banal.

4. **Adan-ondi-Ahman.** Binasbasan dito ni Adan ang kanyang matwid na inapo tatlong taon bago siya mamatay (tingnan sa D at T 107:53–57). Isang malaking pagtitipun-tipon ang magaganap dito bago ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas (tingnan sa Daniel 7:9–14; D at T 78:15; 116; Teachings of the Prophet Joseph Smith, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 157).


5. **Liberty.** Nagtipon sa lugar na ito ang mga Banal mula sa Jackson County mula 1833 hanggang 1836, nang sila'y kinailangang umalis. Ikinulong dito nang walang kasalanan si Joseph Smth at iba pa mula Disyembre 1838 hanggang Abril 1839. Sa gitna ng mga maligalig na panahon ng Simbahan, nanalangin ng patnubay sa Panginoon si Joseph at natanggap ang D at T 121

6. **Nauvoo.** Matatagpuan malapit sa Ilog ng Mississippi, ang pook na ito ang punong-tanggapan ng Simbahan mula 1839 hanggang 1846. Nagtayo ng templo rito, at dito nagsimula ang mga ordenansang tulad ng pagbibinyag para sa mga patay, endowment, at ang pagbubuklod ng mag- anak. Dito itinatag ang Samahang Damayan noong 1842. Ang mga paghahayag na natanggap dito ay kinabibilangan ng D at T 124–29.

7. **Carthage.** Dito pinaslang sina Propetang Joseph Smith at ang kanyang kapatid na si Hyrum noong ika-27 ng Hunyo 1844 (tingnan sa D at T 135).

8. **Winter Quarters.** Ang punong-tanggapan at sakop na lupa ng mga Banal patungo sa Lambak ng Salt Lake (1846–48). Dito binuo ang Kampo ng Israel para sa pakanlurang paglalakbay (tingnan sa D at T 136).

9. **Council Bluffs (Kanesville).** Sinang-ayunan dito ang Unang Panguluhan noong ika-27 ng Disyembre 1847, si Brigham Young bilang Pangulo.




1. **Fayette.** Nilisan ni Propetang Joseph Smith ang Fayette patungong Kirtland, Ohio, noong Enero 1831. Sumunod ang tatlong sangay sa New York noong Abril at Mayo 1831 sa ilalim ng utos ng Panginoon na magtipun-tipon (tingnan sa D at T 37–38).

2. **Kirtland.** Ang punong-tanggapan ng Simbahan mula noong mga unang araw ng Pebrero 1831 hanggang 12 Enero 1838, nang lumipat ang Propeta sa Far West, Missouri.

3. **Independence.** Tinukoy ng Panginoon ang Independence bilang sentro ng Sion noong Hulyo 1831 (tingnan sa D at T 57:2–3). Sapilitang pinaalis ng mga mandurumog ang mga Banal mula rito noong Nobyembre 1833.

4. **Liberty.** Nagtipon sa lugar na ito ang mga Banal mula sa Jackson County mula 1833 hanggang 1836, nang sila ay kinailangang umalis.

5. **Far West.** Isang kanlungan ang itinatag dito para sa mga Banal mula 1836 hanggang 1838. Naging punong-tanggapan ng Simbahan noong dakong 1838. Noong 1838–39, ang mga Banal ay napilitang tumakas patungong Illinois.

6. **Nauvoo.** Ang punong-tanggapan ng Simbahan mula 1839 hanggang 1846. Mga dalawang taon makalipas ang pagpaslang sa Propeta at sa kanyang kapatid na si Hyrum, lumikas pakanluran ang mga Banal.

7. **Council Bluffs (Kanesville).** Dumating dito ang mga tagabunsod noong Hunyo 1846. Umalis ang mga miyembro ng Batalyong Mormon noong ika-21 ng Hulyo 1846 sa pangunguna ni Tinyente Koronel James Allen.

8. **Winter Quarters.** Ang punong-tanggapang tinigilan ng mga Banal sa kanilang daan patungong Lambak ng Salt Lake (1846–48). Umalis ang pang-unang pangkat sa ilalim ng pamamahala ni Pangulong Brigham Young noong Abril 1847.

9. **Fort Leavenworth.** Dito binigyan ng mga kagamitan ang Batalyong Mormon bago magmartsa pakanluran noong Agosto 1846.

10. **Santa Fe.** Pinamahalaan ni Tinyente Koronel Philip Cooke ang Batalyong Mormon nang magmartsa sila mula rito noong ika-19 ng Oktubre 1846.

11. **Pueblo.** Tatlong maysakit na pangkat mula sa Batalyon ng Mormon ang inutusang magpagaling sa Pueblo, kung saan nila pinalipas ang taglamig noong 1846–47 kasama ang mga Banal mula sa Mississippi. Ang mga pangkat na ito ay pumasok sa Lambak ng Salt Lake noong Hulyo 1847.

12. **San Diego.** Natapos dito ng Batalyong Mormon ang kanilang 2,000 kilometrong paglalakbay noong ika-29 ng Enero 1847.

13. **Los Angeles.** Dito pinalaya sa kanilang tungkulin ang Batalyong Mormon noong ika-16 ng Hulyo 1847.

14. **Sacramento.** Ilang miyembro ng batalyon na pinalaya sa tungkulin ang nagtrabaho rito at sa gawi pang silangang Sutter's Mill sa American River, kung saan tumulong sa pagtuklas ng ginto.

15. **Lungsod ng Salt Lake.** Dumating sa Lambak ng Salt Lake si Pangulong Brigham Young noong ika-24 ng Hulyo 1847.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02356 86893 6
35686 893